# KAPASIYAHAN BLG. 2021-92

**"HUMIHILING SA BUTIHING KINATAWAN NG IKALAWANG DISTRITO NG LALAWIGAN NG BULACAN, IGG. GAVINI 'APOL' PANCHO, SA PAMAMAGITAN NI IGG. TINA PANCHO, NA MAPAGKALOOBAN ANG SANGGUNIANG BAYAN NG BUSTOS NG HALAGANG ISANG DAANG LIBONG PISO (PHP100,000.00) PARA SA VIRTUAL FUN RUN TAKBOLUSYON 2021."**

---

*Pinagtibay sa mungkahi ni:*
**Igg. John Erick L. Perez**
*Tagapangulo*
Lupon sa Edukasyon, Agham, Teknolohiya, Telekomunikasyon at Transportasyon

---

**SAPAGKA'T,** taun-taon ay isinasagawa sa Bayan ng Bustos ang programa na Takbolusyon;

**SAPAGKA'T,** ngayong panahon ng pandemya ay pinagbabawal ang maramihang pagtitipon kung kaya mas mainam ang pagkakaroon vitual fun run;

**SAPAGKA'T**, para lalong mapataas ang antas ng kalusugan at larangan ng palakasan ay sinisikap ng Pangalawang Punong Bayan, sa pangunguna ni Igg. Arnel F. Mendoza, na maipagpatuloy ang gawaing ito;

**SAPAGKA'T**, upang maisakatuparan ang magandang layunin ng programang ito ay kinakailangang makalikom ng pondong salapi para sa mga gugulin.

**KUNG KAYA'T,** sa mungkahi ni **IGG. JOHN ERICK L. PEREZ** na buong pagkakaisang sinang-ayunan ng lahat ng kasangguning dumalo sa pulong na ito.

**IPINASIYA, gaya ng dito ay IPINASISIYA,** na hilingin sa butihing Linatawan ng Ikalawang Distrito ng Lalawigan ng Bulacan, Igg. Gavini "Apol" Pancho, sa pamamagitan ni Igg. Tina Pancho, na mapagkalooban ang Sangguniang Bayan ng Bustos ng

halagang Isang Daang Libong Piso (PhP100,000.00) para sa virtual fun run Takbolusyon 2021.

**PINAGTIBAY,** ngayong ika-28 ng Setyembre taong Dalawang Libo at Dalawampu't Isa sa Bulwagang Amado S. Raymundo, Poblacion, Bustos, Bulacan.

**Juliet DJ. Dela Cruz**
Kasangguni

**Jonalyn S. Ortega-Santos**
Kasangguni

**Toni Flor H. De Guzman**
Kasangguni

**Rosette G. Pangilinan**
Kasangguni

**John Erick L. Perez**
Kasangguni

**Aljhaneal E. Quiñones**
Kasangguni

**Melvin H. Melencio**
Kasangguni

**Gemar Aldrich M. Cruz**
Kasangguni

**Martin SJ.Angeles**
ABC President

**Angelica DL. Tadeo**
SK President

**Arnel F. Mendoza**
Pangalawang Punong Bayan at
Tagapangulo ng Sangguniang Bayan

Pinatutunayan ko ang Kawastuhan at Katotohanan na ang nakatitik sa itaas nito ay pinagtibay ng Sangguniang Bayan ngayong ika-28 ng Setyembre taong Dalawang Libo at Dalawampu't Isa.

**ATTY. GERARDO S. BRIASA**
Kalihim